PANGUNAHING KALIGTASAN SA UPUAN NG SASAKYAN

Tiyakin na ikabit ang hibilya sa tamang paraan sa bawat pagsakay!

SAFE KIDS WORLDWIDE™

Dapat gumamit ang lahat ng bata ng upuan ng sasakyan, booster seat o seat belt.

- Ang anak ko ay laging sumasakay sa hulihang upuan at hindi kailanman sa harapan ng airbag.
- Bawat isa sa sasakyan ko ay nakahibilya sa bawat pagsakay gamit ang tamang upuan ng sasakyan, booster seat o seat belt para sa edad at laki ng bawat tao.
- Ang upuan sa sasakyan ng anak ko ay may lahat ng bahagi, etiketa, at tagubilin nito at hindi pa nababangga.
- Sinusunod ko ang mga tagubilin para sa sasakyan ko at sa upuan ng sasakyan upang ang anak ko ay nakahibilya nang tama at mahigpit.
- Hindi pa nababangga ang upuan ng sasakyan ng anak ko.
- Hindi ko kailanman iniiwang mag-isa ang anak ko sa loob ng sasakyan.

Gamitin ang aming Walang Kapantay na Gabay sa Upuan ng Sasakyan para sa impormasyon sa lahat ng pangangailangan ng upuan ng sasakyan mo.
www.safekids.org/ultimate-car-seat-guide

Proud Program Supporter
GENERAL MOTORS

Ang mga sanggol na wala pang 2 ay gumagamit ng mga upuan ng sasakyan na nakaharap sa likod

- Laging sumasakay ang anak ko sa likod na upuan at hindi kailanman umuupo sa harap ng air bag.
- Laging sumasakay ang anak ko sa upuan ng sasakyan na ginawa para sa laki at edad nya.
- Nauupo ang anak ko na nakatalikod sa sasakyan sa kanyang upuan ng sasakyan.
- Nakaayos ang tali ng guwarnes sa anak ko, at hindi ko makukurot ang nakahibilyang tali sa balikat.
- Nakahibilya nang mahigpit ang upuan ng sasakyan ng anak ko sa sasakyan at hindi gumagalaw nang mahigit sa isang pulgada (2.54 cm) kapag hinila ko ito kung saan nakahibilya/nakakabit ang seatbelt.
- Gumagamit ang anak ko ng mas malaking upuan ng sasakyan na nakatalikod hanggang sa maabot na niya ang guwarnes. Maraming huwarnes ay angkop sa 35 lb (15.88 kg), 40 lb (18.14 kg), o 45 lb (20.41 kg).
- Hindi ko iniiwang mag-isa ang anak ko sa loob ng kotse.

Ang mga musmos at malalaking bata ay gumagamit ng mga upuan ng sasakyan na nakaharap sa unahan na may tali sa itaas

Kapag ang anak ko ay mahigit nang 2 at naabot na limit ng timbang o taas para sa upuan na nakaharap sa likod:

- Ang anak ko ay laging nakasakay sa likod na upuan.
- Ang anak ko ay laging sumasakay sa upuan ng sasakyan na ginawa para sa laki at edad niya.
- Nakaayos ang tali ng guwarnes sa anak ko, at hindi ko makukurot ang nakahibilyang tali sa balikat.
- Nakahibilya nang mahigpit ang upuan ng sasakyan ng anak ko sa sasakyan at hindi gumagalaw nang mahigit sa isang pulgada (2.54 cm) lamang kapag hinila ko ito sa sinturunan. Gumagamit ako ng tali sa itaas.
- Ginagamit ng anak ko ang upuan ng sasakyang ito hanggang maabot niya ang guwarnes. Maraming guwarnes ang angkop hanggang 50 lb (22.68 kg) o higit pa.

Ang mas matatanda, mas malalaking bata ay gumagamit ng booster seat na may mga seat belt sa kandungan at balikat

Kapag ang anak ko ay lumaki na at naabot na limit ng timbang o taas ng upuan na nakaharap sa unahan:

- Ang anak ko ay laging nakasakay sa likod na upuan.
- Ang anak ko ay laging nakasakay sa booster set gamit ang seat belt sa kandungan at balikat.
- Ang sinturon sa kandungan ay inilalagay sa ibaba ng kanyang balakang, hindi sa tiyan.
- Ang sinturon sa balikat ay nasa balikat ng anak ko – hindi sa leeg, sa ilalim ng bisig o sa likuran.
- Ang seat belt ay mahigpit, pantay at komportable sa anak ko.
- Maaaring nasa pagitan ng 8-12 taon ang edad ng anak ko bago kumasya ang seat belt nang walang booster.

Mga batang handa na para sa mga seat belt

Kapag kasya na sa anak ko ang booster seat:

- Laging sumasakay anak ko sa likurang upuan hanggang sa edad 13.
- Laging ginagamit ng anak ko ang seat belt sa kandungan at balikat.
- Ang sinturon sa kandungan ay inilalagay sa ibaba ng kanyang balakang, hindi sa tiyan.
- Ang sinturon sa balikat ay nasa balikat ng anak ko – hindi sa leeg, sa ilalim ng bisig o sa likuran.
- Ang likod ng anak ko ay nakasandal sa likuran ng upuan ng sasakyan, nakabaluktot ang mga tuhod niya sa unahang kanto ng upuan ng sasakyan, at kaya niyang umupo sa paraang ito sa buong biyahe.
- Ang seat belt ay mahigpit, pantay at komportable sa anak ko. Kung hindi angkop ang seat belt, dapat gumamit ang anak ko ng booster seat.

©2017 Safe Kids Worldwide